# ANG KATOTOHANAN TUNGKOL SA COCAINE




drugfreeworld.ph

# BAKIT GINAWA ANG BOOKLET NA ITO

Maraming usap-usapan tungkol sa mga droga sa mundo—sa mga lansangan, sa eskuwelahan, sa Internet at sa TV. Ang ilan sa mga ito ay totoo, ang ilan ay hindi.

Sa katunayan, marami sa mga naririnig ninyo tungkol sa mga droga ay nanggagaling sa mga nagbebenta ng mga ito. Umamin ang mga nagbagong-buhay na nagbebenta ng droga na sasabihin nila ang kahit na ano para mapabili ang ibang tao ng ng droga.

Huwag magpapaloko. Kailangan mo ng mga katotohanan para makaiwas na malulong sa mga droga at matulungan ang iyong mga kaibigang lumayo sa mga ito. Iyon ang dahilan kung bakit namin inihanda ang booklet na ito—para sa iyo.

Mahalaga ang inyong opinyon sa amin, kaya umaasa kaming makarinig mula sa inyo. Maaari ninyo kaming bisitahin sa internet sa **drugfreeworld.ph** at padalhan kami ng e-mail sa **info@drugfreeworld.ph**.

# Ano ang cocaine?

Ang salitang cocaine ay tumutukoy sa drogang nasa pulbos o mala-kristal na anyo. Ang pulbos na anyo ay kadalasang ihinahalo sa mga bagay tulad ng gawgaw, talko (pulbos) at/o asukal o iba pang mga droga tulad ng procaine (lokal na pampamanhid) o mga amphetamine.

Hinango mula sa dahon ng coca, ang cocaine ay unang ginawa bilang isang painkiller. Kadalasan ay sinisinghot ito, at ang pulbos ay nakukuha ng daluyan ng dugo sa pamamagitan ng mga himaymay sa loob ng ilong. Maaari rin itong mainom o maipahid sa mga gilagid.

Para mas mabilis pa itong tumalab sa katawan, itinuturok ito ng mga umaabuso, pero pinapalaki nito nang lubos ang panganib ng overdose (pagkasobra sa dosis ng droga). Ang paglanghap dito bilang usok o singaw ay nakapagpapabilis ng pagkuha ng katawan dito, nang mas may kaunting panganib sa kalusugan kaysa sa inheksiyon.

* Sa mala-kristal nitong anyo, tinatawag itong crack cocaine. Tingnan ang *Katotohanan Tungkol sa Crack Cocaine* sa mga serye na ito ng mga booklet.

# NAKAMAMATAY NA PUTING PULBOS

Ang cocaine ay isa sa pinakamapanganib na droga na kilala sa tao. Sa sandaling nagsimulang gumamit ang tao ng drogang ito, napatunayang halos imposibleng maging malaya mula sa kapit nito sa pisikal at pangkaisipang paraan. Sa pisikal na paraan ay pinasisigla nito ang pinakamahahalagang receptor (mga dulo ng nerbiyos na nakakasagap ng mga pagbabago sa katawan) sa loob ng utak na lumilikha ng matinding kasiyahan at siya namang madaling pumapatag o nawawalan ng epekto. Tanging malalaking dosis at mas madalas na paggamit lamang ang maaaring makapagdulot ng parehong epekto.

Sa ngayon, ang cocaine ay isang pandaigdigang multibilyong dolyares na negosyo. Ang mga gumagamit nito ay mula sa anumang edad, trabaho at pang-ekonomiyang estado, pati na mga estudyanteng kasing-bata ng walong taong gulang.

Ang cocaine ay maaaring humantong sa kamatayan mula sa problema sa paghinga, stroke, pagdurugo sa utak o atake sa puso. Ang mga anak ng mga inang adik sa cocaine ay nailuwal sa mundo bilang mga adik mismo. Maraming nagdurusa mula sa mga depekto mula pa sa pagkasilang at marami pang ibang problema.

Sa kabila ng mga panganib nito, ang paggamit ng cocaine ay patuloy na tumataas—malamang dahil sa nahihirapan ang mga gumagamit nito sa pagtakas mula sa mga unang hakbang sa mahaba at madilim na landas na humahantong sa pagkalulong.

# MGA SIKAT NA TAWAG:

Sa dose-dosenang mga pangkalyeng pangalan para sa cocaine na ginagamit ngayon, ang pinaka-karaniwan ay:

- Aunt Nora
- Bernice
- Binge
- Blow
- C
- Charlie
- Coke
- Dust
- Flake
- Mojo
- Nose candy
- Paradise
- Sneeze
- Sniff
- Snow
- Toot
- White

Naniniwala kang mapapalakas ng coke ang pakiramdam mo, na magagawa nitong mahigitan mo pa ang sarili mo, na makokontrol mo ang mga bagay-bagay. Lahat iyon ay walang kuwenta. HINDI MAGLALAON AY HINDI MO NA BABAYARAN ANG MGA BAYARIN MO. HINDI KA NA NALILIGO. PABABAYAAN MO NA ANG MGA KAIBIGAN MO, ANG PAMILYA MO. MAGIGING WALA KANG KALABAN-LABAN AT MAG-ISA." — Nigel



# PANDAIGDIGANG ESTADISTIKA

Ang cocaine ang pangalawang pinakaginagamit na ilegal na droga sa mundo. Ipinapakita ng kamakailan-lamang na estadistika na ang pandaigdigang pananamsam ng cocaine ay patuloy na tumataas at ngayon ay humahantong na sa 756 metrika tonelada, ang pinakamatataas na timbang ng droga ay nasasambat sa Timog Amerika, sinusundan ng Hilagang Amerika.

Ayon sa European Monitoring Centre on Drugs and Drug Addiction, ang cocaine din ang pangalawang pinakamadalas na ginagamit na ilegal na droga sa Europa.  Sa mga kabataan (15 hanggang 34 gulang), tinatayang 7.5 milyon ang gumamit ng cocaine halos minsan sa kanilang buong buhay, 3.5 milyon sa nakalipas na taon at 1.5 milyon sa nakalipas na buwan.

Sa Estados Unidos, iniulat ng National Survey on Drug Use and Health (Pambansang Sarbey sa Paggamit ng Droga at Kalusugan) noong 2006 na 35.3 milyong Amerikano mula edad na 12 at pataas ang nagsabing gumamit sila ng cocaine. Sa mga kabataang edad 18



**Ipinakikita ng mga sarbey na halos kalahati ng mga parokyano ng mga dance club sa Europa ay naging high sa cocaine.**

hanggang 25 ang antas ng paggamit noong nakalipas na taon ay 6.9%. Sa mga estudyante ng mataas na paaaralan, 8.5% ng mga nasa 12 na antas ang gumamit ng cocaine sa isang punto sa buhay-kabataan nila, ayon sa Monitoring the Future Study noong 2006 ng National Institute for Drug Abuse.

Sa Estados Unidos, ang cocaine ay ang patuloy na pinakamadalas na mabanggit na ilegal na droga na inuulat sa Drug Abuse Warning Network ng mga emergency department ng mga ospital. May 448,481 pagbisita sa mga emergency department na may kinalaman sa cocaine na naiulat noong 2005.

Ang kaibigan ko ay apat na taong gumagamit ng droga, tatlong taon dito ay gumagamit siya ng matitinding droga tulad ng cocaine, LSD, morphine at maraming ibang antidepressant at painkiller. Sa totoo lang, at anupamang maaari niyang magamit. Lagi siyang nagrereklamo tungkol sa katakut-takot na mga sakit sa kanyang katawan at palala siya nang palala hangga't sa wakas ay pumunta siya sa doktor.

"Sinabi sa kanya ng doktor na wala nang magagawa para sa kanya at na dahil sa pagkasira ng katawan niya, hindi na siya magtatagal. Sa loob ng ilang araw—patay na siya." — Dwayne

# BAKIT TALAGANG NAKAKA-ADIK ANG COCAINE?

Sunod sa methamphethamine,[*] ang cocaine ang lumilikha ng pinakamatinding sikolohikal na pagkahumaling kumpara sa anumang ibang droga.  Pinasisigla nito ang mahahalagang mga sentrong pangkasiyahan sa utak at nagdudulot ng pambihirang napatinding kasiyahan.

Madaling nagkakaroon ng toleransiya sa cocaine—hindi magtatagal ay mabibigo ang adik na makamit ang parehong high na unang nararanasan mula sa parehong dami ng cocaine.

## MAPANGANIB NA KOMBINASYON NG MGA DROGA

Ang cocaine ay minsang ginagamit kasama ng ibang droga, kabilang na ang mga tranquilizer, amphetamine,[†] marijuana at heroin.  Ang ganoong mga kombinasyon ay nakapagpapalaki sa panganib ng paggamit ng cocaine.  Karagdagan sa posibilidad na makalikha ng gawi sa paggamit ng dalawang klase ng droga, puwede kang makalikha nang madali ng halo ng mga narkotiko na talaga namang nakamamatay.



*methamphetamine: isang talagang nakaaadik na pampasigla sa central nervous system (utak at spinal cord).

† amphetamine: isang pampasigla sa central nervous system (pangunahing sistema ng nerbiyos), malimit na tinatawag na “speed.”

Wala na akong hinaharap. Hindi ko nakita kung paano ko matatakasan ang pagkahumaling ko sa cocaine. Naligaw na ako ng landas. ‘Sumasabog’ ako at hindi ko mapigilan ang sarili ko mula sa patuloy na pag-abuso sa cocaine nang matindi. MAYROON AKONG MGA GUNI-GUNI NA MAY MGA HAYOP NA GUMAGAPANG SA ILALIM NG BALAT KO. Nararamdaman ko sila bawat beses na nagtuturok ako at kinakatkat ko ang sarili ko gamit ang tulis ng karayom hanggang sa magsimula na akong magdugo para lamang maalis ang mga ito. Minsan ay napakatindi ng pagdurugo ko dahil dito at kinailangang isugod ako sa ospital.” — Susan



# MGA EPEKTO NG COCAINE

## ANO ANG PANANDALIANG MGA EPEKTO NG COCAINE?

Ang cocaine ay nagdudulot ng panandalia't matinding high na kaagad na sinusundan ng kabaliktaran nito—napakatinding kalungkutan, pagka-iritable at paghahanap pa para sa droga. Ang mga taong gumagamit nito ay madalas na hindi kumakain o natutulog nang maayos. Nakararanas sila ng matinding pagbilis ng tibok ng puso, pamumulikat ng mga kalamnan at mga kombulsyon. Ang droga ay maaaring magdulot sa mga tao na makaramdam ng paranoia, galit, makaramdam ng kasamaan at mabalisa, kahit na hindi sila "high".

Gaano man karami o gaano man kadalas gamitin ang droga, pinatataas ng cocaine ang panganib na maaaring makaranas ng atake sa puso, stroke, atake o kabiguan sa paghinga ang tao, alinman dito ay maaaring magresulta sa biglaang kamatayan.



## ANO ANG PANGMATAGALANG MGA EPEKTO NG COCAINE?

Ang katagang "dope fiend" ay orihinal na inimbento ilang taon na ang nakalipas para mailarawan ang negatibong mga epekto ng patuloy na paggamit ng cocaine. Habang tumitindi ang kawalan ng epekto sa drogang ito, nagiging mas kinakailangang gumamit ng mas marami at mas marami nito para maabot ang parehong high. Ang matagalang paggamit nito ay nagdudulot ng kawalan ng kakayahang matulog at kawalan ng gana sa pagkain.

* paranoid: mapagduda, walang tiwala o takot sa ibang tao

Puwedeng maging psychotic at makaranas ng mga guni-guni ang isang tao.

Habang ang cocaine ay umaantala sa pagpoproseso ng utak sa mga kemikal, mas marami't mas marami ang kailangan ng isang tao para lamang maging "normal" ang pakiramdam nila.  Ang mga taong nalulong sa cocaine (tulad ng sa ibang droga) ay nawawalan ng interes sa iba pang bahagi ng buhay.

Ang pagtigil sa paggamit ng droga ay nagdudulot ng matinding kalungkutan na napakatindi na gagawin ng tao ang halos kahit ano para lamang makakuha ng droga—kahit pa pumaslang.


At kapag hindi siya makakuha ng cocaine, maaaring maging napakatindi ng kalungkutan na maaari nitong itulak ang adik na magpakamatay.

Huwag kayong gagamit ng cocaine.  Dalawang taon akong nasa kulungan dahil sa drogang ito. AT PAGKALABAS KO. NAPAKAHIRAP TALAGA NG BUHAY KAYA'T NAGSIMULA AKONG GUMAMIT ULIT NG DROGA. May kilala akong 10 babae na naging mga bayarang babae dahil sa coke.  Talagang mas matindi ito at talagang mas nakasisira kaysa sa inaakala natin.  Noong panahong iyon ay hindi namin nalalaman kung gaano katindi nito tayo nawawasak." — Shawne

# PANANDALIANG MGA EPEKTO:

- Kawalan ng gana sa pagkain
- Napabilis na tibok ng puso, napataas na presyon ng dugo, napataas na temperatura ng katawan
- Sumikip na mga ugat (daluyan ng dugo)
- Napabilis na paghinga
- Napalaking mga balintataw
- Putul-putol at magulong pagtulog
- Pagkaduwal
- Sobrang pagkasigla
- Kakaiba, pasumpung-sumpong at paminsan-minsan ay marahas na pag-uugali
- Mga guni-guni, sobrang hindi mapakali at iritable
- Guni-guning may kinalaman sa panamdam na lumilikha ng ilusyon ng mga insektong gumagapang sa ilalim ng balat
- Napakatinding kasiyahan
- Pagkabalisa at paranoia
- Matinding kalungkutan
- Napakasidhing paghahangad sa droga
- Hindi mapakali at psychosis
- Mga kombulsyon, mga seizure at biglaang kamatayan mula sa matataas na dosis (kahit na isang beses lamang).






**Ang cocaine ay nagdudulot ng pinsala sa puso, bato, utak at baga.**

# PANGMATAGALANG MGA EPEKTO

- Permanenteng pinsala sa mga ugat (daluyan ng dugo) ng puso at utak
- Mataas na presyon ng dugo, na humahantong sa atake sa puso, mga stroke at pagkamatay
- Pinsala sa atay, bato at baga
- Pagkasira ng mga himaymay sa loob ng ilong kapag singhot
- Problema sa paghinga kapag hinithit
- Nakahahawang mga sakit at mga nana kapag itinuturok
- Malnutrisyon, pagbawas ng timbang
- Matinding pagkabulok ng ngipin
- Guni-guni sa pandinig at pandama
- Mga problemang sekswal, pinsalang may kinalaman sa reproduksyon at pagkabaog (parehong sa lalaki at babae)
- Kawalan ng oryentasyon, apatiya, litong kapaguran
- Pagiging iritable at paiba-iba ng ugali
- Mas padalas na pagkakaroon ng mapanganib na ugali.
- Deliryo o pagkabaliw
- Napakatinding kalungkutan
- Kawalan na ng epekto ng droga at pagkalulong (kahit pagkatapos lamang ng minsanang paggamit)





# MGA BATA: ANG PINAKA-INOSENTENG BIKTIMA NG COCAINE

Madalas na naririnig ang pahayag na, "Oo, nagda-drugs ako, pero sa akin na iyon!" Gayunpaman, ang paggamit ng droga ay palaging may inosenteng mga biktima, mula sa mga taong nagiging biktima ng mga adik na desperadong nagnanais na hanapan ng paraan na pondohan ang kanilang nakagawian nang paggamit ng droga, hanggang sa mga namamatay sa mga aksidente na idinudulot ng mga nagmamanehong nasa ilalim ng impluwensiya ng droga.

Ang pinakamatrahedyang mga biktima ng cocaine ay ang mga sanggol na ipinanganganak ng mga inang gumagamit ng drogang ito habang nagbubuntis sila.
Sa Estados Unidos lamang, libu-libong mga sanggol na nalantad sa cocaine ay ipinapanganak bawat taon. Ang mga iyon na hindi naman nalulong ay kadalasang nagdurusa mula sa iba't ibang klase ng pisikal na problema na maaaring kinabibilangan ng napaagang kapanganakan, mababang timbang sa kapanganakan, napigilang paglaki, mga depekto sa kapanganakan at pinsala sa utak at nervous system.

Ang mga sanggol na mabababa ang timbang sa kapanganakan ay mas malamang na mamatay sa kanilang unang buwan ng buhay kung ikukumpara sa mga sanggol na may normal na timbang, at may kinakaharap silang mas mataas na antas ng panghabambuhay na pinsala tulad ng paghina ng isipan at pinsala sa utak.

Ang epekto sa lipunan ng pantaong trahedyang ito ay kailangan pang masukat nang husto.

# COCAINE: ISANG MAIKLING KASAYSAYAN

Ang coca ay isa sa pinaka-sinauna, pinakamatapang at pinakamapanganib na pampasigla na natural na matatagpuan sa kaligtasan. Tatlong libong taon bago pa ipanganak si Kristo, ang mga sinaunang Inca sa Andes ay ngumunguya ng dahon ng coca para mapabilis ang kanilang paghinga at para makontra ang mga epekto ng pamumuhay sa manipis na hangin ng kabundukan.

Ang mga katutubong Peruviano ay ngumunguya ng mga dahon ng coca habang mayroong seremonyang panrelihiyon lamang. Ang pagbabawal na ito ay nawasak noong sinakop ng mga Espanyol na sundalo ang Peru noong 1532. Ang mga puwersadong Indian na manggagawa sa mga mina ng pilak ng mga Espanyol ay patuloy na binibigyan ng mga dahon ng coca dahil pinadadali nito ang pagkontrol at pag-abuso sa kanila.

**Ang bagay na nagsimula bilang isang panrelihiyong tradisyon sa Andes ay naging pag-abuso sa kabuuan ng mundo.**



Ang cocaine ay unang nagawa noong 1859 ng Alemang kimiko na si Albert Niemann. Noong mga 1880 lamang ito nagsimulang maging popular sa medikal na komunidad.

Ang Austrianong psychoanalyst na si Sigmund Freud, na gumamit ng drogang ito mismo, ay ang unang malawakang nagtaguyod ng cocaine bilang isang tonic para makagamot sa matinding kalungkutan at kawalan ng kakayahang sekswal.

Noong 1884, inilathala niya ang isang artikulong pinamagatang “Über Coca” (Tungkol sa Coke) na nagtataguyod sa mga “benepisyo” ng cocaine, tinatawag itong “mahikal” na substansiya.

Gayunpaman, si Freud ay hindi isang obhetibong tagapagmatyag. Regular siyang gumamit ng cocaine, iminungkahi ito sa kanyang nobya at sa kanyang matalik na kaibigan at iminungkahi ito para sa pangkalahatang paggamit.

Habang naoobserbahan na ang cocaine ay humantong sa "pisikal at moral na kasiraan," patuloy na itinataguyod ni Freud ang cocaine sa kanyang malalapit na kaibigan, isa sa kanila ay nagdusa mula sa paranoid na mga guni-guni tungkol sa "paggapang ng mga puting ahas sa kanyang balat."

Naniniwala rin siyang "Para sa mga tao, ang nakalalasong dosis (ng cocaine) ay napakataas, at mistulang walang nakamamatay na dosis."  Labag sa paniniwalang ito, isa sa mga pasyente ni Freud ay namatay mula sa mataas na dosis na inireseta niya.

Noong 1886, nagakaroon ng karagdagan pang kasikatan ang droga noong isinama ni John Pemberton ang mga dahon ng coca bilang sangkap sa kanyang bagong inumin, ang Coca-Cola.  Ang nakasisiya at nakasisiglang mga epekto sa mga mamimili ay tumulong na makapagpabulusok paitaas ng kasikatan ng Coca-Cola sa paglipat ng siglo.

Mula noong mga 1850 hanggang sa sinaunang bahagi ng mga 1900, ang cocaine at mga eliksir na may halong opium, mga tonic at mga alak ay malawakang ginagamit ng mga taong mula sa iba't ibang antas ng lipunan.  Ang mga kilalang pigura na nagtaguyod ng "milagrosong" mga epekto ng mga cocaine tonic at mga eliksir ay kinabibilangan ng mga imbentor na si Thomas Edison at ang artistang si Sarah Bernhardt. Ang drogang ito ay naging sikat sa industriya ng pinilakang tabing (noon ay mga tahimik na pelikula) at milyon naman ang naimpluwensiyahan ng mga mensaheng para sa cocaine na lumalabas mula sa Hollywood noong panahong iyon.

Tumaas ang paggamit ng cocaine sa lipunan at ang mga panganib ng droga ay dahan-dahang naging mas malinaw.  Ang matinding pagtataguyod mula publiko ay nagdulot sa kompanya ng Coca-Cola na tanggalin ang cocaine mula sa soft drink nito noong 1903.

Noong 1905, naging sikat ang pagsinghot ng cocaine at sa loob lamang ng limang taon, ang mga ospital at medikal na literatura ay nagsimulang mag-ulat ng mga kaso ng mga pinsalang may kinalaman sa ilong

na nagreresulta mula sa paggamit ng drogang ito.

Noong 1912, iniulat ng Estados Unidos ang 5,000 kamatayang may kinalaman sa cocaine sa loob ng isang taon at noong 1922, ang droga ay opisyal na ipinagbawal.

Noong mga 1970, lumitaw ang cocaine bilang ang usong bagong droga para sa mga artista at mga negosyante.  Ang cocaine ang naging para bang perpektong kasama para sa isang biyahe tungo sa mabilis na landas.  “Nagbibigay ito ng enerhiya”at nakatutulong ito sa mga taong “magpuyat.”

Sa ilang mga unibersidad, ang porsiyento ng mga estudyanteng nag-eeksperimento gamit ang cocaine ay tumaas nang sampung beses mula noong 1970 hanggang 1980.

Noong huling banda ng 1970, ang mga Colombianong nagtutulak ng droga ay nagsimulang magsaayos ng mabubusising koneksiyones para sa pagpupuslit ng cocaine sa Estados Unidos.

Nakasanayan na ang cocaine ay drogang pangmayaman dahil sa kamahalan ng paggamit ng cocaine.  Sa pagdating ng huling banda ng 1980, hindi na iniisip ang cocaine bilang droga para sa mayayaman.  Noong panahong iyon, mayroon na itong reputasyon bilang ang pinakamapanganib at nakaaadik na droga ng Amerika, na kaugnay sa kahirapan, krimen at kamatayan.

Noong unang banda ng 1990, ang mga kartel ng droga ng Colombia ay lumikha at nagluwas ng mga 500 hanggang 800 tonelada ng cocaine bawat taon, nagluluwas hindi lamang sa Estados Unidos ngunit pati na rin sa Europa at Asia.  Binuwag ng mga ahensiya ng pagpapatupad ng batas ang malalaking kartel ng droga noong mga kalagitnaan ng 1990, ngunit napalitan sila ng maliliit na grupo—nang may higit pa sa 300 kilalang aktibong mga organisasyong nagpupuslit ng droga sa Colombia sa kasalukuyan.

Sa pagdating ng 2008, ang cocaine ang naging pinaka-ikinakalakal na ilegal na droga sa mundo.

# Ano Ang Sasabihin sa Iyo ng mga Nagbebenta

Noong sinarbey ang mga kabinataan at kadalagahan para malaman kung bakit sila nagsimulang gumamit ng droga, 55% ang nagsabing dahil ito sa pang-uudyok ng kanilang mga kaibigan.  Gusto nilang maging cool at sikat.  Alam ito ng mga nagbebenta.

Lalapitan ka nila bilang isang kaibigan at mag-aalok na "tulungan ka" gamit ang "isang bagay na makapagpapa-angat sa kalooban mo." "Tutulungan ka nitong maging 'in'" o "gagawin ka nitong cool."

Ang mga nagbebenta ng droga, inuudyukan ng mga kita na maaari nilang makuha, ay kung anu-ano ang sasabihin para mapabili ka nila ng kanilang droga.  Sasabihin nila sa inyo na "gagawing party ng cocaine ang buhay mo."

Wala silang pakialam kung sisirain ng mga droga ang buhay mo hangga't sa nababayaran sila.  Ang gusto lamang nila ay pera. Inamin ng dating mga nagbebenta na ang tingin nila dati sa mga mamimili ay "mga piyesa sa isang laro ng chess."

Alamin ang mga katotohanan tungkol sa droga. Magkaroon ng sarili ninyong mga desisyon.



Sa coke, para kang isang gamugamong hindi makalayo sa isang ilaw. Hinahatak at hinahatak ka nito at hindi mo ito mapigilan. Hindi ito pisikal. Nasa ulo mo ito. Mas ginagamit mo ito, mas gagamitin mo pa ito. Tinurukan ko nito ang sarili ko kada 10 minuto. Nanghiram ako ng pera sa bangko para bumili nito. Isang araw na lamang ay nawalan na ako ng trabaho. Mas malala pa. Dati ay palagi akong tumitira. GINAWA NITO AKONG BALIW. ALAM KO IYON, PERO NAGPATULOY PA AKO. TALAGANG NAGING TALUNAN AKO." — Marilyn

# Ang Katotohanan Tungkol sa Mga Droga

Ang mga droga ay mga lason. Ang dami na ginamit ang makatitiyak sa resulta.


Ang maliit na dami ay nagsisilbi bilang pampasigla (nagpapabilis sa iyo). Ang mas marami ay nagsisilbing sedatibo (pinababagal ka). Ang mas marami pa ay nakalalason at maaaring makamatay.

Ito ay totoo sa kahit anumang droga. Tanging ang daming kinakailangan para makamit ang epekto ang naiiba.

Ngunit maraming droga ang may ibang panganib: ang mga ito ay direktang nakaaapekto sa isipan. Maaaring pasamain ng mga ito ang pag-unawa ng gumagamit sa nangyayari sa kanyang paligid. Bilang resulta, ang mga kilos ng taong iyon ay maaaring maging kakaiba, hindi makatwiran, hindi naaangkop at maaari pang mapanira.

Hinaharangan ng mga droga ang lahat ng mga pandama, ang mga kanais-nais ay pinapalitan ng mga hindi kanais-nais. Kaya habang nagbibigay ng panandaliang tulong sa anyo ng pagpapaginhawa sa sakit, pinapatay rin nila ang kakayahan at ang pagkalisto at pinapalabo ang pag-iisip ng isang tao.

Ang mga medisina ay mga drogang inilayon para mapabilis o mapabagal o mabago ang isang bagay tungkol sa paano gumagana ang iyong katawan, para subukang mapahusay ang paggana nito. Minsan ay kinakailangan ang mga ito. Ngunit ang mga ito ay mga droga pa rin: kumikilos ang mga ito bilang mga pampasigla o mga sedatibo, at ang sobra ay makamamatay sa iyo. Kaya't kapag hindi mo gagamitin ang mga medisina tulad ng kung papaano dapat gamitin ang mga ito, maaaring maging kasing-panganib ng ilegal na mga droga ang mga ito.


Ang tunay na kasagutan ay
ang alamin ang
mga katotohanan at hindi
gumamit ng mga droga sa
simula pa lamang.

# BAKIT GUMAGAMIT NG DROGA ANG MGA TAO?

Gumagamit ng droga ang mga tao dahil may gusto silang baguhin sa buhay nila.

Heto ang ilan sa mga dahilan sa paggamit ng mga droga na ibinigay ng mga kabataan:

- Para makibagay
- Para "makatakas" o makapag-relaks
- Para mapawi ang pagkabagot
- Para maging parang matanda
- Para magrebelde
- Para mag-eksperimento

Akala nila na ang mga droga ay solusyon. Ngunit kalaunan, ang mga droga ang nagiging problema.

Mahirap mang harapin ang mga problema, ang mga kalalabasan ng paggamit ng droga ay palaging mas malala kaysa sa problemang sinusubukang lutasin sa paggamit ng mga ito. Ang tunay na kasagutan ay ang alamin ang mga katotohanan at hindi gumamit ng mga droga sa simula pa lamang.



## MGA SANGGUNIAN

European Monitoring Centre for Drugs and Drug Addiction, "State of the Drug Problem in Europe, 2008"

U.S. Drug Enforcement Agency Fact Sheet on Cocaine

National Institute on Drug Abuse: "NIDA Info Facts: Crack and Cocaine," April 2008

United Nations Office on Drugs and Crime, Drug Report 2008

"Cocaine Facts & Figures," Office of National Drug Control Policy, 2008

"Monitoring the Future: National Results on Adolescent Drug Use Overview of Key Findings 2007," National Institute on Drug Abuse


PHOTO CREDITS: Page 2, 8: Corbis; page 16: Freud Museum Photo Library.

Milyong mga kopya ng mga booklet na tulad nito na mababasa sa 22 wika ay ipinamahagi sa mga tao sa buong mundo. Sa pagsulpot ng bagong mga droga sa mga kalsada at mas maraming impormasyon tungkol sa kanilang mga epekto ang nalalaman, dinaragdagan ng impormasyon ang mga booklet na nagawa na at lumilikha rin ng mga bagong booklet.

Ang mga booklet na ito ay inilalathala ng Foundation for a Drug-Free World, isang hindi kumikitang organisasyong nakalaan para sa pampublikong benepisyo na nakasentro sa Los Angeles, California.

Ang Foundation ay nagbibigay ng pang-edukasyong materyales, payo at koordinasyon para sa pandaigdigang network nito para sa pag-agap sa paggamit ng droga.  Nakikipagtulungan ito sa mga kabataan, mga magulang, mga tagapagturo, mga organisasyon ng mga boluntaryong manggagawa at mga ahenteng pang-gobyerno—sinumang may interes sa pagtulong sa mga taong mabuhay nang malaya mula sa pang-aabuso sa droga.

# MGA KATOTOHANANG KAILANGAN MONG MALAMAN

Ang booklet na ito ay isa sa mga serye ng publikasyong tumatalakay sa mga katotohanan tungkol sa marijuana, alcohol, Ecstasy, cocaine, crack cocaine, crystal meth at methamphetamine, mga de-langhap, heroin, LSD at pang-aabuso sa mga inireresetang droga. Taglay ang impormasyong ito, maaaring makagawa ang mambabasa ng desisyong mabuhay nang malaya sa droga.

**Para sa karagdagang impormasyon o para makakuha ng mas marami pang mga kopya nito o iba pang mga booklet sa seryeng ito, kontakin ang:**


Foundation for a Drug-Free World
6331 Hollywood Boulevard
Los Angeles, CA 90028 USA

**drugfreeworld.ph • e-mail: info@drugfreeworld.ph**
**Telepono: 1-888 NO TO DRUGS (1-888-668-6378)**



© 2018 Foundation for a Drug-Free World. Sarili Ang Lahat ng Karapatan. Ang logo ng Foundation ay isang tatak-pangkalakal na pagmamay-ari ng Foundation for a Drug-Free World. Item #20841-5-FIL